



TANGGAPAN NG PUNONG BAYAN

KAUTUSANG PANG-EHEKUTIBO BLG. 2020 - 017 Serye 2020

KAUTUSANG NAGTATAKDA NG PAGPAPATUPAD NG MGA ALINTUNTIN SA PAGLALAGAY NG "CONTROL POINT" AT PATNUBAY SA "SOCIAL DISTANCING" PARA SA PAGSASAKATUPARAN NG PAG-IINGAT SA PAGKAKAROON NG CORONAVIRUS DISEASE 2019 (COVID-19) SA BAYAN NG BULAKAN.

Upang maisakatuparan ang mga gawain kaugnay sa pag-iingat sa paglaganap ng sakit na CORONAVIRUS 2019 (COVID-19) sa bayan ng Bulakan. Ang pag-adopt sa itinakda ng Proclamation Nos. 929 at 922 (s. 2020), Republic Act No. 11332 at ang Memorandum ni Executive Secretary Salvador C. Medialdea ng Palasyo ng Malacañang kabilang ang Kautusang Pang-Ehekutibo Blg. 2020 – 017 Serye 2020 na pinagtibay noong Marso 17, 2020 ng Punong Bayan ng Bayan ng Bulakan, ay marapat tupdin ang mga sumusunod na panuntunan:

TUNTUNIN 1. CONTROL POINT. Paglalagay ng COVID-19 Control Point mula Marso 18, 2020 hanggang ika-14 ng Abril, 2020.

- a. Ang limang (5) barangay na lalagyan ng control point ay ang bungad ng Barangay Taliptip, Matungao, Pitpitan, San Francisco - Look at San Francisco – Tabang.
- b. Ang Control Point ay may oras na mula ika-5:00 ng umaga hangang ika-8:00 ng gabi (DAY SHIFT). Ang oras na hindi sakop ay pamamahalaan ng karatig bayan sa mga boundary na nabanggit (NIGHT SHIFT).
- c. Ang Himpilan ng Pulisya (PNP Bulakan) ang pangunahing tanggapan na mamamahala sa control point katuwang ang Municipal Disaster Risk Reduction Management Council (MDRRMO), Rural Health Unit (RHU), COVID-19 TASKFORCE at Barangay Tanod na sakop ng mga boundary ng Bayan ng Bulakan.
- d. Ang mga mamamayang daraan sa mga nabanggit na control point ay kailangang magpakita ng pagkakakilanlan (ID) o iba pang dokumento na nakalahad sa direktiba ng Himpilan ng Pulisya hinggil sa pagpasok at paglabas ng mga mamamayan.
- e. Ang bawat barangay ay kinakailangang magtalaga ng sariling control point para sa seguridad ng kanilang barangay.

TUNTUNIN 2. SOCIAL DISTANCING. Ipinagbabawal sa lahat ang mga pagtitipon-tipon ng mamamayan simula sa petsang nakasaad sa Tuntunin 1, kaugnay nito ay ipatutupad ang mga sumusunod na gawain:

a. MARKET DAY

1. Hinati sa dalawa ang bilang ng barangay sa bayan ng Bulakan upang lumiit ang dami ng mamamayang mamimili sa bawat araw at ito ay base sa sumusunod:

TUESDAY-THURSDAY SATURDAY (T-TH-S)	MONDAY-WEDNESDAY FRIDAY (M-W-F)	SUNDAY
Taliptip	Matungao	Disinfection Day
Pitpitan	Sta. Ana	
Perez	Bagumbayan	
San Nicolas	San Jose	
Bambang	Balubad	
Sta. Ines	Tibig	
Maysantol	San Francisco	

2. Isa lamang sa bawat pamilya ang maaaring papasukin sa araw na nakatakda para sa kanilang barangay.
3. Magdadala ng pagkakakilanlan (ID) at/o iba pang dokumento na magpapatunay ng paninirahan sa barangay.
4. Maglalagay ng Control Point na pangungunahan ng Tagapamahala sa Pamilihang Bayan katuwang ang Himpilan ng Pulisya at Barangay Bagumbayan, Sta. Ana at San Jose.
5. Ang harapang bahagi ng Pamilihang Bayan ang "ENTRY POINT" at ang "EXIT POINT" ay ang kanang bahagi (gilid) ng pamilihang bayan patungo sa dalawang tulay na pamamahalaan ng Barangay San Jose at Barangay Sta. Ana.
6. Ang magpapadala ng isang Barangay Tanod ang nakatalagang barangay sa kanilang takdang araw para sa pagkakakilanlan ng kanilang mamamayan.
7. Ang mga may dalang sasakyan (kotse, jeep, traysikel at iba pa) alinsunod sa ipinatutupad ng Pamahalaang Nasyunal ay ipinagbabawal sa kasalukuyang magyaot sa mga lansangan kung kaya ang pasaherong mamimili ay ibaba lamang at maaring sunduin.

b. BARANGAY ROLLING STORE. Magtayo o maglalagay ng pansamantalang rolling store habang

ang Bansa ay nasa ilalim ng State of Calamity sa banta ng COVID-19.

c. MALILIIT NA KARINDERYA, TINDAHAN AT/O IBA PANG KAHALINTULAD NITO.

1. Ipinagbabawal ang pagtitinda at pagbibili ng "INUMING NAKALALASING" upang maiwasan ang pagtitipon-tipon at pagkakahawa-hawa sa basong iinuman.
2. Sa mga nagnenegosyo ng karinderya at mga tindahang kahalintulad nito ay inaatasang ibenta ng balot-balot ang pagkain (kanin at ulam) pang take-out at/o i-deliber na lamang sa kanilang mga suki.
3. Pag-ibayuhin ang pag-iingat na magkaroon ng mahabang pagpila ng dikit dikit ng kanilang kustomer.
4. Maglagay ng suportang panghugas ng kamay (sabon at tubig) o alkohol para sa kanilang kapakanan at kanilang mamimili.

TUNTUNIN 3. Ang sinumang lalabag sa itinakda ng Kautusang ito ay papatawan ng kaparusahang administratibo at kriminal base sa itinakda ng Batas Nasyunal at mga lokal na Kautusang Bayan.

TUNTUNIN 4. Ang Kautusang ito ay ipatutupad para sa pangangalaga ng mamamayan habang nasa estado ng COVID-19. At magkakabisa matapos malagdaan ng Punong Bayan.

PINAGTIBAY ngayong ika-18 ng Marso, 2020 sa Bayan ng Bulakan.



VERGEL C. MENESES
Punong Bayan